LUNGSOD NG CALAMBA · LAGUNA · 1742 · 2001

# CALAMBALITA

Vol. 1 No. 004, Weekly Edition Nobyembre 20, 2017 Bilang 4






## PINAKAMATAAS NA CHRISTMAS TREE SA CITY PLAZA, INILAWAN NA!

KAHIT bumuhos ang ulan noong Miyerkules, 15 Nobyembre 2017 hindi ito naging hadlang upang matuloy ang pag-iilaw sa City Plaza na siyang pinaka finale sa lahat ng Christmas tree lighting sa pagbubukas ng Paskuhan sa Calamba 2017.

Lubos ang pasasalamat ng ating butihing Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco sa lahat ng dumalo at nakiisa sa makasaysayang pag-iilaw kahit na pabugsu-bugso ang ulan. Aniya, ang pag-iilaw sa City Plaza ang pinaka tampok sa lahat ng ating ginawang Christmas tree lighting dahil dito nagsimula ang kasaysayan na sinimulan ng kanyang ama noong panahong ito pa ang Mayor ng ating lungsod. Ipinangako niyang ipagpapatuloy niya ang gawaing ito upang bigyang kasiyahan at pagmamahal ang lahat lalo't higit ang mga bata dahil ang Pasko ay para sa mga bata.

Samantala sa mensahe ni Igg. Joaquin M. Chipeco Jr., Kinatawan, Ikalawang Distrito ng Laguna, kanyang binanggit na dito ginanap ang kauna-unahang Christmas Tree Lighting na maituturing nang isang kasaysayan sa Lungsod ng Calamba dahil ito ay nagtuluy-tuloy na hanggang sa kasalukuyan.

Isang mensahe mula kay Vice Mayor Roseller "Ross" Rizal ang ibinahagi ni Igg. Dyan DV. Espiridion. Aniya, "Let our light shine, let us provide light to others", tulad ng mga kumukutitap na Christmas lights. *(Cecil Canillas)*

## NILALAMAN :

Christmas Tree sa City Plaza, Inilawan na 1
Paskuhan sa Calamba, Dinayo ng Unang Hirit 2
Masa-Masid Team Orientation 2
Work Immersion 3
National Childrens Month 4
Gawad Saka 2017 5
Mga Paalala:
Maging Mapanuri sa Pagbili ng Christmas light 6
Comelec 6
Real Property Tax 6

## PASKUHAN SA CALAMBA, DINAYO NG UNANG HIRIT GMA 7







DINAYO ng Unang Hirit ng GMA7 ang Paskuhan sa Calamba noong madaling-araw ng 14 Nobyembre, 2017 upang maipakita ang maganda at makulay na pagdiriwang ng Pasko sa naturang lungsod.

Ipinagmalaki ng UH Barkada Host, Love Añover ang life-sized Belen at 70 ft. Christmas Tree sa Jose Rizal Plaza habang si Hero Peralta naman ay namasyal sa Christmas Display sa City Hall ng Calamba. Ipinakita ni Hero ang dalawang (2) malalaking Christmas Tree sa city hall lobby at mga nagagandahan at umiilaw na gingerbread house, gingerbread men at Christmas train.

Nakitikim din ang dalawa sa mga kakanin at food stalls sa Calambuhayan Trade Fair and Bazaar at nakipagtawaran sa mga tindera ng damit, laruan at sapatos. Hinamon din ni Love na sumakay si Hero sa iba't-ibang mga rides sa Christmas Carnival.

Masayang inanyayahan ng dalawa ang lahat ng manonood ng Unang Hirit na dumayo sa Calamba at makisaya sa makulay, maningning at makabuluhang pagdiriwang ng Pasko sa lungsod. *(Joel Cabactulan)*

## MASA-MASID TEAM ORIENTATION

ANG MASA-MASID Project ay naglalayon ng pakikialam ng komunidad upang makatulong sa pagtugon sa mga problemang katiwalian, droga, krimen, marahas na ekstremismo at iba pang mga pagbabanta sa kapayapaan at seguridad ng isang komunidad.

Sa pamumuno ni Ms. Lenie R. Bautista, City Director ng Calamba at Hon. Edison M. Natividad, Liga ng mga Barangay President, naganap ang orientation para sa MASA MASID Team na binubuo ng sampu (10) miyembro bawat barangay. Ang orientation na ito ay ginanap noong Nobyembre 15-16, 2107, na may temang "ORIENTATION ON THE REVISED GUIDELINES OF MASA MASID FOR TECHNICAL WORKING GROUP" na kung saan ipinaliwanag ni Mr. Dominic Laude, Masa Masid Community Facilitator, na maari silang bumuo ng grupo na maghihikayat sa mga mamamayan na magboluntaryo at tumulong upang magturo at magsumbong ng mga maling gawi ng kanilang mga kabarangay. Maaari silang magreport sa pamamagitan ng apat na paraan: dropbox, SMS, email, at hotline.

Isa rin sa mga speaker ang representative mula sa PNP Calamba na si Ms. Melissa Malayo na sumagot sa mga katanungan at nagpaliwanag sa mga nakilahok sa orientasyon. Dumalo rin si Pastor Ernie Cerezo, Calamba Pastor Alliance President, upang bigyan ng kalinawan ang mga lumahok sa kahalagahan ng pagboboluntaryo at kung ano ang maitutulong nito sa isang pamayanan. *(Mary Joy Llanto)*









# MAYOR TIMMY: "KARUNUNGAN AT KARANASAN, MAKUKUHA SA WORK IMMERSION PROGRAM"




MAS naenganyo ang mga mag-aaral na maabot ang kanilang mga pangarap sa buhay matapos marinig ang mensahe ng ating Punong Lungsod Justin Marc "Timmy" SB. Chipeco noong pagsisimula ng Work Immersion Program sa City Government of Calamba. Isinalaysay at ibinahagi ni Mayor Chipeco ang kanyang sariling karanasan noong siya'y OJT din. Marapat na pahalagahan kung saan tanggapan ng pamahalaan sila maitatalaga, hindi mabigat ang trabaho ngunit ang pagkakaroon ng karunungan sa mga proseso ng trabaho at pakikisalamuha sa mga pinuno at kawani ng tanggapan ay makakatulong sa pagharap sa hanapbuhay. Naging insipirasyon din sa mga mag-aaral ang sinabi ni Mayor Chipeco na hindi sa katalinuhan o pangunguna sa klase o sa pagiging mayaman nasusukat ang tagumpay kundi sa pagkakaroon ang tiwala , kaalaman at kakayanan sa pakikibaka sa hamon at kahirapan ng buhay. Hinikayat din ang mga mag-aaral na maging mayaman ang kaisipan sa paglikha at pamamaraan ng sariling negosyo na isang paraan ng pangkabuhayan at hindi lahat ay umaasa sa kita o sweldo.

Nakapagbigay inspirasyon din sa mga mag-aaral ang mensahe ni Congressman Joaquin M. Chipeco Jr., na samanatalahin ang bawat pagkakataon dahil minsan lamang ito dumating sa buhay.

Ang mga mag-aaral ay sumailalim sa isinagawang Work Orientation noong Nobyembre 13 matapos makapanayam ni Dr. Lourdes Bermudez, Asst. Division Schools Superintendent ng Dep-Ed Calamba at ni Ms. Cristeta Arcos , SHS Coordinator . Nagbigay ng mga kaalaman si Ms. Maxima Lapastora , City Human Resource and Management Officer hinggil sa iba-t-ibang panuntunan , pag-uugali, kilos at gawi nararapat sa isang manggagawa ng pamahalaan.


Nagpahayag ng mensahe si Konsehal Cha Hernandez at hinimok ang mga mag-aaral na ipamalas at ibahagi sa trabaho ang kanilang "best" dito'y malilinang ang kanilang kakayahan at kaalaman.




May 128 Senior High School Students (First Batch) ng 6 na Integrated High School (IHS) ng Dep-Ed Calamba tulad ng Bubuyan, Calamba IHS, Calamba Bayside , Palo-Alto , Camp Vicente Lim at Makiling ang naitalaga sa lahat ng tanggapan ng Pamahalaang Lungsod at ng Sangguniang Panlungsod ng Calamba para sa kanilang 80 hours na Work Immersion Program noong Nobyembre 14. *(Decena Encinas)*











# BATA: ILIGTAS SA DROGA

## Napapanahong tema ng 25th National Children's Month




ISA sa malaking suliranin ng bansa ang DROGA. Kaya nga patuloy ang kampanya ng ating gobyerno upang labanan at wasakin ang sinumang nagpapakalat nito. Subalit, mas magiging epektibo ang kampanyang ito kung una nating pangangalagaan ang kapakanan ng kabataan lalo't higit ang mga menor de edad.

Ang Pamahalaang Lungsod ng Calamba sa pamamahala ni Mayor Justin Marc "Timmy " Chipeco , Vice Mayor Roseller "Ross" Rizal at mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod ay nakikiisa sa pagdiriwang ng "25th National Children's Month" alinsunod sa Republic Act 10661 kilala din bilang "National Children's Act Month".

Kaugnay nito, ang City Social Services Department sa ilalim ng pamumuno ni Gng. Celina Manabat , pinuno ng tanggapan ay naghanda ng programa at mga aktibidades na naayon sa temang "BATA: ILIGTAS SA DROGA" na napapanahon sa pangkasalukuyang nagaganap sa ating bansa. Simula noong 5 Nobyembre nagsagawa ng seminar kung saan nakipag-ugnayan sila sa UP Manila upang magbigay ng mga panayam, pagpapayo at pangaral ukol sa "Trauma-Informed Care." Sa programang ito, ang mga batang may conflict with the law , sexual offender, mga batang may behavioral problems at may drug related cases ang nakilahok. Ginaganap ito sa 3rd floor lobby tuwing Linggo simula 5 Nobyembre hangang 3 Diyembre 2017.

May aktibidades din na ginanap sa JRMS Auditorium Central I noong 15 Nobyembre 7am -12nn. Ayon kay Ms. Janet J. Roa, Social Services Officer III ng CSSDO , lumahok ang mga Senior High School kasama ang kanilang mga guro sa pribado at pampublikong paaralan sa halfday program. May mga palaro at paligsahan tulad ng balloon race, Groupie at selfie photo contest kung saan mga smiley stickers ang ginamit na pamboto sa napiling larawan. Sa Human Diorama Contest , ipinakita ng mga mag-aaral ang kanilang husay sa pagganap at pagkamalikhain sa pagtugon sa mga eksenang inilahad tulad ng Droga at Kabataan, Droga at Kahirapan at iba pa.

Sa video presentation ng Calamba PNP na pinamagatang "TAGHOY SA DILIM" pinakita rito ang iba't-ibang klaseng droga at mga dahilan kung bakit ang isang tao ay gumagamit nito. Ipinakita rin na ang gumagamit ng droga ay nagmumula sa lahat ng antas ng buhay- mayayaman, mahihirap at mga minorya. Bagama't alam nila ang panganib na maidudulot ng ipinagbabawal na gamot sa ating katawan, isip at buhay patuloy silang dumedepende sa paggamit nito . Sa huli, ipinakita ang mga sikat na tao at mga kilalang celebrity na minsan ding nalulong sa paggamit ng bawal na gamot na wala maidudulot na maganda sa ating buhay ang droga at pumapatay hindi lamang sa ating katawan kundi pati na rin ng kinabukasan.

Sa mensahe ni Konsehal Charisse Anne "Cha" Hernandez, tagapangulo ng Committee on Youth Development, pinahalagahan niya ang magandang relasyon sa Panginoon at ipinaalala na huwag padadala sa mga kantiyaw ng mga kaibigan.

Ikinuwento ni Mayor Timmy noong kabataan niya na siya ay napabarkada din, at noong panahong yon ay lagi rin siyang nasesermunan ng kanyang mga magulang. Payo niya , pumili ng kaibigan na magbibigay ng magandang impluwensya sapagkat ang mabuting kaibigan ay hindi ka dadalhin sa masama . Sa kanyang pagtatapos, sinabi din niya na dapat tayong sumunod sa ating mga magulang sapagka't gusto lagi nila ang ating kabutihan at magandang kinabukasan.

Layon ng Pamahalaang Lungsod sa pamumuno ni Mayor Timmy Chipeco, Vice Mayor Ross Rizal at Sangguniang Panlungsod na maliwanagan ang mga kabataan sa kasamaang dulot ng droga. (*Marivic D. Balba)*



## OFY 2017

| CATEGORY | NAME | BARANGAY |
|---|---|---|
| Outstanding HVCC Farmer | Ronnie H. Villanueva | Mabato |
| Outstanding Corn Farmer | Cenon L. Javier | Kay-Anlog |
| Outstanding Livestock-based Farmer | Alex I. Merencillo | LaMesa |
| Outstanding Organic Farmer | Julia N. Blanco | Bunggo |
| Outstanding Young Farmer | Zoren L. Marudo | Hornalan |
| Outstanding Farm Family | Timagos Family | Sampiruhan |
| Outstanding 4H Club | Community Heroes | Bucal |
| Outstanding Rural Improvement Club | Ric Burol | Burol |
| Outstanding BAFC Chairman | Virgilio M. Asuncion | Laguerta |
| Outstanding BFARMC Chairman | Nexer P. Talatala | Lingga |
| Outstanding Bantay Lawa Volunteer | Armando D. Bibat | Lecheria |
| Outstanding Fisherfolk (Fish Capture) | Roberto P. Lagonoy | Masili |

## OLDEST FARMERS AND FISHERFOLKS

| NAME | BIRTHDAY | AGE | BARANGAY |
|---|---|---|---|
| Igmidio P. Panghulan | 1-Aug-41 | 76 | Sampiruhan |
| Roberto D. Balderama | 25-Dec-40 | 76 | Masili |
| Eufemio A. Bibat | 3-Sept-40 | 77 | Lecheria |
| Jose R. Oraye | 9-Aug-39 | 78 | Uwisan |
| Roberto H. Paguinto | 25-Jan-31 | 86 | Bucal |
| Alejo G. Samiano | 17-July-30 | 87 | Barandal |
| Serapio L. Lizardo | 13-Nov-30 | 87 | Banlic |
| Nemesio U. Luya | 31-Oct-25 | 92 | Bagong Kalsada |
| Jose M. Panganiban | 31-Oct-25 | 92 | Lingga |

## PINAKA (CROPS)

| NAME | CROP | BARANGAY |
|---|---|---|
| Rosario R. Maranan | Ampalaya | Bunggo |
| Evelyn A. Respuesto | Talong | Looc |
| Benilda G. Leron | Pipino | Looc |
| Gloria S. Hernandez | Kalabasa | Laguerta |
| Ramiro G. Platon | Sitao | Bubuyan |
| Yolanda C. Peria | Patola | Laguerta |
| Cornelio A. Ocdamia | Okra | Sampiruhan |
| Eleuteria C. Dejan | Papaya | Bunggo |
| Isaias M. Plaza | Kamoteng Kahoy | Laguerta |
| Julia N. Blanco | Luya | Bunggo |
| Julia N. Blanco | Ube | Bunggo |
| Cornelio A. Ocdamia | Saba | Sampiruhan |
| Pablo M. Flores | Yellow Corn | Bunggo |

## GULAYAN SA KABAYANAN

| CATEGORY | RANK | NAME | BARANGAY |
|---|---|---|---|
| Best Individual Plot | 1st Place | Ruben G. Rubion Jr. | Camaligan |
| | 2nd Place | Isagani O. Cambronero Sr. | Sirang Lupa |
| Best Container | 1st Place | Virgilio M. Asuncion | Laguerta |
| | 2nd Place | Ronaldo B. Diaz | LaMesa |
| Best Community Container | 1st Place | ADHIKA | |
| | 2nd Place | Brgy. San Cristobal Community Garden | |
| Best Community Plot | 1st Place | Brgy. Bagong Kalsada Community Garden | |
| | 2nd Place | Brgy. Pansol Community Garden | |
| | 3rd Place | Brgy. Camaligan Community Garden | |
| Best School Container | 1st Place | Calamba Elementary School | |
| | 2nd Place | Jose Rizal Memorial School | |
| | 3rd Place | E. Barreto Memorial School | |
| Best School Plot | 1st Place | Post Elementary School | |
| | 2nd Place | Bubuyan Elementary School | |
| | 3rd Place | Canlubang Elementary School | |

# MGA NATATANGING MAGSASAKA AT MANGINGISDA , KINILALA SA 4th AGRICULTURE AND FISHERY WEEK

MATAGUMPAY na naidaos ang taunang Gawad-Saka 2017 noong 13 Nobyembre 2017 sa City Hall Lobby na may temang: "FarmDiriwang: Selebrasyon ng Buhay ng Magsasaka at Mangingisda". Bahagi ang nasabing parangal sa pagdiriwang ng 4th Agriculture and Fishery Week na pinangunahan ng City Agricultural Services Department (CASD). Dito pinarangalan ang mga magsasaka at mangingisdang nagwagi sa Search for Pinaka sa Crops, Livestock at Fisheries. Pinarangalan din ang mga nagsipagwagi sa Gulayan sa Kabayanan contest at Outstanding Farmer of 2017. Nagkaroon din ng parangal para sa mga oldest farmers at fisherfolks. Nagwagi naman ang CASD Calamba ng 1st prize sa corn husk handicraft contest na patimpalak naman ng Provincial Agriculture Office noong 14 Nobyembre 2017.

Tumanggap ng sertipiko ng pagkilala at cash prize ang mga nagwagi. Lalong pagpapayaman ng kalinangan at pagbibigay ng mga bagong kaalaman sa pagsasaka at pangingisda sa pamamagitan ng patuloy na pagbibigay ng sapat na edukasyon at modernong kaalaman at teknolohiya ang pangako nina Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco, Vice Mayor Roseller "Ross" Rizal at ng Sangguniang Panlungsod sa pamamagitan ni Konsehala Charisse Ann "Cha" Hernandez, tagapangulo ng Komite ng Agrikultura. Naniniwala ang City Government of Calamba sa pamamagitan ni Mayor Timmy Chipeco na malaki ang bahaging ginagampanan ng mga farmers sa patuloy na pag-unlad ng ating lungsod. *(Madel Pelipada / Retchie Pelipada)*

## PINAKA (LIVESTOCK)

| NAME | CATEGORY | BARANGAY |
|---|---|---|
| Reynaldo L. Saron | Best Doe | Makiling |
| Romanito M. Bautista | Best Duck | Bañadero |
| Lucresio D. Refresca | Best Ram | Looc |
| Lucresio D. Refresca | Best Ewe | Looc |
| Benilda G. Leron | Best Sow | Looc |
| Celso J. Luna | Best Boar | Parian |
| Michael L. Marudo | Best Cow | Hornalan |
| Romulo N. Narvacan | Best Bull | Hornalan |
| Amado M. Natividad | Best Caracow (upgraded) | Bunggo |
| Sonny L. Marudo | Best Carabull (Upgraded) | Hornalan |

## PINAKA (FISHERIES)

| NAME | FISH | BARANGAY |
|---|---|---|
| Roberto P. Lagondoy | Bangus | Masili |
| Roberto P. Lagondoy | Kanduli | Masili |
| Raymund M. Alibudbud | Biya | Sampiruhan |
| Alfredo A. Garcia | Mamale | Palingon |
| Reynaldo B. Cabilao | Tilapia | Pansol |

## MAGING MAPANURI SA PAGBILI AT PAGGAMIT NG CHRISTMAS LIGHTS

"Maging mapanuri sa pagbili at paggamit ng Christmas Lights", ito ang paalala ni Calamba Fire Marshall F/Supt. Antonio Sobejana IV. Ayon sa kanya, posibleng pagmulan ng sunog ang mga Christmas lights at iba pang umiilaw na Christmas decors kung ang mga ito ay substandard. Ilan sa mga palatandaan ng substandard Christmas lights ang pekeng ICC seal, malambot na plug at medaling uminit at maninipis na wires. "Mas pahalagahan po natin ang buhay at kabuhayan kaya mga original na Christmas lights na ang ating bilhin", dagdag pa ni Sobejana.

Pinag-aaralan na din ng ahensya ang pagtatalaga ng mga common areas kung saan pwedeng magpaputok ng lusis at mga firecrackers sa pagsalubong sa Bagong Taon. Ipaaalam din sa publiko ang pagtatalaga ng common areas sa pagtitinda naman ng mga fireworks bilang pag-iwas na din sa sunog. Matatandaan na nagpalabas ng direktiba si Pangulong Rodrigo "Digong" Duterte na inaatasan ang bawat lokal na pamahalaan na magtalaga ng mga ganitong common areas upang maiwasan ang sakuna sa pagsalubong sa Bagong Taon. *(Noemi Talatala / Jo Busayong)*

# BARANGAY and SANGGUNIANG KABATAAN 2018 — MAY 14 — ELECTIONS

# VOTER REGISTRATION

**Nov. 6, 2017 MONDAY to Nov. 30, 2017 THURSDAY**
8:00AM - 5:00PM

- Application for Registration
- Change/Correction of Entries
- Reactivation
- Validation
- Inclusion/Reinstatement of Records

***NO APPLICATION FOR TRANSFER OF REGISTRATION RECORDS**

## APPLICATION FOR SK REGISTRATION

- At least 15 years old *(ON/BEFORE MAY 14, 2018 BSKE)*
- Not more than 30 years old *(ON/BEFORE MAY 14, 2018 BSKE)*
- At least 6 months residence *(ON/BEFORE MAY 14, 2018 BSKE)*



## Kasiguraduhan bago iwanan ang tahanan

**Hanggang maaari ay huwag ipaalam sa marami na walang tatao sa iyong bahay upang maiwasan ang anumang intensyon ng pagnanakaw.**

**Siguraduhing nakakandado** ang lahat ng pinto at bintana; at tiyaking walang maaaring daanan ang mga magtatangkang magnakaw.

***Huwag iwanang nakasaksak ang mga appliances*** at siguraduhing walang nakasinding kandila o kalan sa iyong pag-alis.

**Mainam ang pagkakaroon ng burglar alarm** na mag-aalerto sa kapitbahay kung may pumasok sa iyong bahay.

**Isara ang kurtina** upang maiwasan ang pagsilip ng ibang tao sa loob ng iyong bahay.

Itagubilin sa pinagkakatiwalaang kapitbahay o kaibigan ang bahay at ipaalam ang araw ng iyong pagbalik.

# ILANG PAALALA para sa LIGTAS at MAPAYAPANG *Kapaskuhan*

HAPPY KAMI SA CALAMBA CITY

A Public Service Reminder from:

PHILIPPINE NATIONAL POLICE – SERVICE HONOR JUSTICE

LUNGSOD NG CALAMBA – LAGUNA – 1742 – 2001

INFORMATION, INVESTMENT PROMOTIONS AND EMPLOYMENT SERVICES OFFICE • 2009 •

## GABAY SA INYONG PAGLALAKBAY
(Sa mga TERMINAL ng BUS, PIER, at PALIPARAN)

1. **MAGING MAAGAP SA PAGPUNTA SA TERMINAL** upang maiwasan ang siksikan at matiyak na maayos ang pwesto sa sasakyan, lalo na para sa mga bata, kababaihan, at senior citizens.
2. **INGATAN ANG INYONG TICKET/PASSPORT** at iba pang mga dokumento upang maiwasan ang pagkawala nito at pag-antala ng biyahe.
3. **IWASANG MAGSUOT NG MAMAHALING ALAHAS** at magdala lamang na sapat na halaga ng salapi tuwing babyahe.
4. **BANTAYAN NG MAIGI ANG MGA GAMIT** at laging inspeksyunin kung kumpleto ang mga ito.
5. **MAGING ALERTO LABAN SA MGA MANDURUKOT** sa terminal/pier/paliparan at sa loob ng sasakyan. Dumulog at humingi ng tulong sa mga kinauukulan kung kinakailangan.
6. **KAUNTI LAMANG ANG DALHING GAMIT** upang mas magaan ang pagbyahe.

# CALAMBA CITY HALL TELEPHONE DIRECTORY

## ISANG NUMERO 545 - 6789

| | OPERATOR | 8000 |
|---|---|---|
| MO | Office of the City Mayor | 8306 |
| ADMIN | City Administrative Office | 8301 |
| VM | Office of the Vice-Mayor | 8311 |
| SP | Office of the Sangguniang Panglungsod | 8314 |
| ABC PRES. | Office of the ABC President | 8316 |
| COUN. CATINDIG | City Councilor | 8322 |
| COUN. MORALES | City Councilor | 8318 |
| COUN. LAJARA | City Councilor | 8319 |
| COUN. ALCASID | City Councilor | 8325 |
| COUN. HERNANDEZ | City Councilor | 8326 |
| COUN. PEREZ | City Councilor | 8321 |
| COUN. A. LAZARO | City Councilor | 8317 |
| COUN. ESPIRIDION | City Councilor | 8324 |
| COUN. J. LAZARO | City Councilor | 8320 |
| COUN. ATIENZA | City Councilor | 8323 |
| ACCTG | City Accounting & Internal Central Office | 8203/8204 |
| AGRICULTURE | City Agricultural Services Office | 8002 |
| ASSESSOR | City Assessor | 8108/8109 |
| BAC | Bids and Awards Committee Office | 8327 |
| BPTFO | Business Permits & Tricycle Franchising Office | 8101/8102 |
| BUDGET | City Budget & Management Office | 8206 |
| BUILDING | Building Regulatory Services Office | 8031 |
| CENRO | City Environment & Natural Resources Office | 8218 |
| CLAI | City Nutritionist Office | 8328 |
| COA | Commission on Audit | 8216 |
| COMELEC | Commission on Election | 8017 |
| COOP | Cooperative & Livelihood Development Office | 8019 |
| CPDO | City Planning & Development Office | 8209/8210 |
| CSSYDO | City Social Services & Youth Development Office | 8120/8226 |
| CTC | City Trial Court | 8010 |
| DILG | Dept. of Interior and Local Government | 8224 |
| E-CENTER | | 8005 |
| ENGINEERING | City Engineering Services Office | 8212/8214 |
| GSO | City General Services Office | 8006/8007 |
| HEALTH | City Health Office | 8016 |
| HOUSING | Housing & Settlement Dept. | 8021 |
| HRMO | City Human Resources Management Office | 8220 |
| IIPESO | Information, Investment Promotions and Employment Office | 8011/8012 |
| LANDBANK | Landbank of the Philippines | 8022 |
| LCR | City Civil Registrar | 8116/8117 |
| LEGAL | City Legal Office | 8222 |
| MOTORPOOL | City Motorpool | 8400 |
| OSCA | Office of the Senior Citizens Association | 8118 |
| PAO | Public Affairs Office | 8333 |
| POPCOM | | 8329 |
| POSO | Public Order and Safety Office | 8025/8026 |
| PROSECUTOR | City Prosecutor Office | 8029 |
| TREASURY | City Treasury and Management Office | 8111/8112 |
| TOURISM | Cultural Affairs, Sports and Tourism Dept. | 8332 |
| VET | City Veterinary Services & Slaughterhouse Management Office | 8004 |

EDITORIAL BOARD

**MRS. NOEMI E. TALATALA**
*Editor -In- Chief*

**CECIL H. CANILLAS**
*Associate Editor*

**MARIVIC D. BALBA**
*Managing Editor*

Staff Writers:
**RETCHIE PELIPADA,**
**MOISES ALCASABAS, ANALIZA CERVANTES,**
**JOJO BUSAYONG, JOEL CABACTULAN**

**RIZZA JANE L. JUMARANG**
Lay-out Artist

**MONTE OPULENCIA/DENNIS CEPEDA**
Photographer

https://www.facebook.com/attyjustinmarcsbchipeco/




https://www.facebook.com/calambalita




https://www.facebook.com/iipeso.calamba




https://www.facebook.com/Ccciolipeso/




https://www.facebook.com/kalanbangaDEN/

